

Mag-file ng Tax Return para Makatanggap ng Perang Isasauli

Maaaring kang makatanggap ng malaking pera sa iyong tax refund pag nag-claim ka ng Federal Earned Income Tax Credit, Child Tax Credit, o Child and Dependent Care Credit. Kung ikaw ay bagong kwalipikado sa isa o mahigit pang tax credit sa taong ito, maaari kang makatanggap ng mas mahigit na halaga kaysa noong nakaraan.

Paano Makakuha ng Tax Credits:

- 1 Alamin kung ikaw ay kwalipikado**
Alamin kung magkano ang maaari mong matanggap sa [TaxOutreach.org/TaxCredits](https://www.taxoutreach.org/taxcredits).
- 2 Maghanap ng LIBRENG tulong sa pag-file ng tax**
Pumunta sa [GetYourRefund.org](https://www.getyourrefund.org) o tumawag sa 800-906-9887, kahit hindi ka karaniwang nagsu-sumite ng tax return.
- 3 Mag-file ng iyong buwis**
Kumuha ng libreng tulong sa pag-file ng iyong tax return bago sumapit ang April 18.

Ano ang dapat mong dalhin sa tax appointment.

- Ano ang dapat mong dalhin sa tax appointment.
- Social Security card, Social Security Number verification letter, o ITIN ng mga tao na nasa iyong tax return
- Mga W-2 o 1099 form
- Form 1095-A
- Listahan ng mga bayad sa pag-aalaga ng bata (kung nag-sumite ng claim para sa Child and Dependent Care Tax Credit)
- Anumang IRS notices, kabilang ang IRS letter 6419, Advance Child Tax Credit Payments



Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [TaxOutreach.org/TaxCredits](https://www.taxoutreach.org/taxcredits) or call the IRS at 1-800-829-1040.

Kwalipikado Ba Ako?

Sa unang pagkakataon, mas maraming tao kaysa nakaraan ang magiging kwalipikado sa federal tax credits at maaaring makatanggap ng refund sa panahon ng buwis.

Earned Income Tax Credit (EITC):

Kung ikaw ay nag-trabaho noong 2021, maaari kang maging kwalipikado sa EITC kahit na hindi ka dating kwalipikado.

Child Tax Credit (CTC): Halos lahat ng pamilya na may mga bata sa tahanan ay kwalipikado sa CTC sa 2021. Maaari kang makatanggap ng ganitong credit kahit retirado ka na, tumatanggap ng disability, o hindi dating kwalipikado. Mag-file ng tax return para makatanggap ng buong credit kahit nakatanggap ka na ng paunang bayad mula sa CTC nuong 2021.

Child & Dependent Care Credit (CDCTC):

Milyon-milyong pamilya na nagbabayad para sa pangangalaga ng bata at matanda ay kwalipikado sa CDCTC.

Mga Benepisyong pampubliko:

Ang pag-sumite ng claim sa mga tax credit na ito ay hindi makaka-apekto sa iyong kwalipikasyon sa mga federal benefits tulad ng SNAP (food stamps), SSI, Medicaid, tulong sa pera o pampublikong pabahay. Kung inipon mo ang iyong tax refund, hindi ito ibibilang laban sa mga limitasyon ng halagang nakalaan para sa mga programang benepisyo na pederal na pinondohan sa loob ng 12 buwan pagkatanggap ng refund.

Listahan ng Kwalipikasyon sa EITC, CTC, at CDCTC:

Kung wala kang mga anak maaari kang maging kwalipikado sa EITC kung:

Edad:

Ikaw ay 19 taong gulang at mahigit pa. Hindi ka maaaring magclaim ng credit kung ikaw ay estudyante na higit na limang buwan noong taong 2021 at ikaw ay 19-23 taong gulang.

Kita sa 2021:

YKumita ka ng mas mababa sa \$21,430 (\$27,380 kung may asawa), maaari kang makatanggap ng EITC hanggang sa \$1,502.

Kung hindi ka U.S. citizen maaari kang maging kwalipikado sa alinman sa tatlong tax credit kung:

- ▶ **EITC:** Ikaw, ang iyong asawa, at sinumang anak na nais mong i-claim na may valid Social Security number (SSN).
- ▶ **CTC:** Sinumang anak na nais mong i-claim na may SSN, kahit ikaw ay walang SSN.
- ▶ **CDCTC:** Sinumang anak na nais mong i-claim na may SSN, kahit ikaw mismo ay walang SSN.

Kung may mga anak ka maaari kang maging kwalipikado sa alinmang tatlong tax credit kung:

Tirahan:

Ang mga anak mo ay nakatira sa iyo ng higit sa kalahati ng 2021.

Edad – ang mga anak ay dapat:

- ▶ **EITC:** Ang edad ay 18 o mas bata noong Disyembre 31, 2021 (full-time na estudyante ay maaaring mas bata sa 24 taong gulang at ang mga anak na may permanente at ganap na may kapansanan ay maaaring kahit ilang taong gulang.
- ▶ **CTC:** Edad 17 o mas bata noong Disyembre 31, 2021.
- ▶ **CDCTC:** Edad 13 o mas bata noong Disyembre 31, 2021, o isang dependent na hindi kayang pangalagaan ang sarili.

Kita sa 2021:

- ▶ **Para sa Federal CTC,** twalang minimum income na kinakailangan para makatanggap ng ganitong credit Ang halaga nito ay umaabot ng \$3,600 para sa mga batang 5 taong gulang at mas bata, at hanggang \$3,000 sa mga batang 6-17 taong gulang.
- ▶ **Para sa Federal EITC,** ang iyong kita ay dapat mas mababa sa mga sumusunod na limitasyon:

Bilang ng mga Bata	Mga manggagawang walang asawa na kumikita ng mas mababa sa:	Mga manggagawang may asawa na kumikita ng mas mababa sa:	EITC hanggang sa:
1 anak	\$42,158	\$48,108	\$3,618
2 anak	\$47,915	\$53,865	\$5,980
3 anak o mahigit pa	\$51,464	\$57,414	\$6,728

- ▶ **Para sa Federal CDCTC,** ang halaga ng pera na maaari mong matanggap ay depende sa bilang ng mga anak na inaalagaan, ang kita ng iyong pamilya, at ang halaga na ginastos sa pag-aalaga.

Bilang ng mga Anak	Halaga ng gastos sa pag-aalaga sa 2021	Kita	Pinakamataas na credit
1 anak	Hanggang \$8,000	\$0-\$125,000	\$4,000
		\$125,000-\$183,000	Nag-iiba
		\$183,000-\$400,000	\$1,600
2 anak	Hanggang \$16,000	\$0-\$125,000	\$8,000
		\$125,000-\$183,000	Nag-iiba
		\$183,000-\$400,000	\$3,200